

Paulit-ulit na mga insidente!

Mayo 2016



Galing sa pinakahuling ulat ng **US CSB**, mga larawan kuha sa **video** sa pagsabog sa **West, Texas**.

Noong Enero 29, 2016 ang **US Chemical Safety Board (CSB)** ay nagpalabas ng ulat at animasyon na **video** sa Abril 17, 2013 pagsabog sa isang imbakan kimiko hinggil sa pagsasaka sa **West, Texas**. 15 ang namatay, sobra 260 ang nasugatan, pagkawasak sa buong planta, at kalat na kalat na pagkawasak sa kalapit na kumonidad sanhi ng pagsabog.

Makalipas ang ilang araw, sa Pebrero 5, 2016, ang gobyerno ng Tsina ay nagpalabas ng ulat sa Agosto 12, 2015 ng pagsabog sa isang imbakan kimiko sa **Tianjin**, Tsina. Ang pagsabog nag-resulta sa higit 170 ang namatay, sobra 700 nasugatan, at higit bilyon dolyar pinansiyal na pagkalugi.

Ang dalawang insidente nangyari sa mga imbakan na naglalaman ng **ammonium** nitrayd (**AN**), isang karaniwang pataba, kasama ang iba't ibang pang mga kemikal. Sa dalawang insidente, may sunog na naglantad sa **AN** sa mataas na temperatura. Ang ulat ng **CSB** nagsasaad na ang "**AN** ay nagpapakita ng tatlong pangunahing panganib kung may apoy": hindi mapipigil na apoy, pagka-agnas na may kasamang paglikha ng nakakalason na gases, at pagsabog.

Alam mo ba?

- Ang ulat ng **CSB** sa pagsabog sa **West, Texas** ay nagtukoy ng 32 iba pang mga pagsabog na kinasasangkutan ng **AN** mula taong 1916 (kasama na and 2015 pagsabog sa **Tianjin**, Tsina). Ang mga pagsabog na ito ay nag-resulta sa higit 1,500 pagkamatay at libu-libong nasugatan.
- Kabilang sa listahan ng **CSB** sa **AN** na mga pagsabog ay ang pagsabog sa barkong **Grandcamp** sa siyudad ng **Texas, Texas** noong Abril 16, 1947 na nag-resulta sa higit kumulang 500 na namatay at 3,000 mga nasugatan. Ang insidente ay itinuturing na pinakamatinding kalamidad pang-industriya sa kasaysayan ng Estados Unidos.

Ano ang puwede mong gawin?

- Posibleng hindi ka makahawak ng **AN** sa iyong planta, at ni hindi ka makahawak ng ibang materyal na may kahintulad na potensyal na pinsala. Ngunit, kung ikaw ay gumagamit maski anong mapanganib na materyales, o ang proseso tumatakbo sa mapanganib na mga kondisyon, dapat mong maintindihan ang mga insidente na nangyari na sa nakaraan gamit ang mga materyales at kondisyon proseso kaparehas ng iyong planta.
- Tanungin ang mga inhinyero, mga tagapamahala, at mga beteranong empleyado upang ma-ibahagi nila ang mga impormasyon tungkol sa mga nakaraang pangyayari sa sariling planta, ibang kahintulad na planta tulad ng sa inyo. Intindihin kung ano ang ginagawa upang maiwasan ang kahintulad na insidente.
- Para sa iba pang mga halimbawa ng mga paulit-ulit na mga pangyayari, tingnan ang Pebrero 2014 at Pebrero 2016 na mga **Beacon**.
- Hanapin sa Internet ang mga nakaraang pangyayari na naganap sa mga materyales at mga proseso sa iyong planta.

Matuto mula sa kasaysayan nang sa gayon ito ay hindi na maulit muli!

©AIChE 2015. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Pagpaparami na hindi komersyal, layuning pang-edukasyon ay hinihikayat. Gayunpaman, ang pagpaparami pang komersyal na walang nakasulat na pahintulot galing AIChE ay mahigpit na ipinagbabawal. Makipagugnayan sa amin sa ccps_beacon@aiiche.org or 646-495-1371.

Ang Beacon ay karaniwang handa o nakalimbag sa Aleman, Aprikaans, Arabe, Danish, Espanyol, Filipino, Griyego, Gujarati, Hebrew, Hindi, Italyano, Hapon, Ingles, Koreano, Malay, Marathi, Norwegian, Olandes, Persyano, Polish, Portuges, Pranses, Rumano, Ruso, Suweko, Telugu, Thai, Tsek, Tsino, Turko, and Vietnamese.